

Alaala ng Isang Magsasaka ng Negros

KISLAP ALITAPTAP

Naalimpungatan ang kalabaw
Sa iyong panaginip
Pupungas-pungas kang dumilat
Kinilala ang mga pangahas na anino
Nanlilisik sa kadiliman ang kanilang mga mata
Tuyo ang loob ng iyong bibig

Magulo ang loob ng inyong kubo
Nakahambalang sa kawayang sahi
Ang wasak na pintuan
Nawawala ang iyong mag-ina

Napatingala ka sa bubungang pawid
Pumikit ka't umasang
Isa itong panaginip

Tumilaok ang tandang na nakadapo
Sa puno ng mangga.